



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-15

“NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA SAMAHAN NG LGBT-SIKLAB INC. DITO SA BAYAN NG BUSTOS.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Phillip Wryner B. Santos

Tagapangulo

**Pinagsanib na Lupon sa Kagalingang Panlipunan, Kababaihan,
Pamilya at Kasarian**

at

**Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas,
Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa
at Karapatang Pantao**

SAPAGKAT, isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

SAPAGKA'T, noong ika-23 ng Hunyo 2025 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2025-060 na nauukol sa *“Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies”*;

SAPAGKA'T, ang LGBT-SIKLAB, Inc., sa pamamagitan ng kanilang pangulo, G. Marvin V. Grande A.K.A. Sophia El Grande, ay nagpahayag ng kanilang intension na maging isang accredited CSO sa Probinsya ng Bulacan, Bayan ng Bustos upang sumunod sa aktibong pakikisama sa Lokal na Pamahalaan at maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

SAPAGKA'T, ang LGBT-SIKLAB, Inc. ay nakatugon sa mga dokumentong kinakailangan upang sila ay mabigyan ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan, sang ayon sa itinatakda ng DILG Memorandum Circular Number 2025-060;


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na bigyan ng akreditasyon ang **LGBT-SIKLAB, Inc.** dito sa Bayan ng Bustos, Bulacan.


PINAGTIBAY, ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle D.R. Navarro
Kasangguni


Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni


Leo T. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim